A Ating prayoridad. Lucas 14:26-33.

- ❖ Kapag ang kayamanan at mga ari-arian ay naging mas mahalaga kesa sa ating relasyon sa Diyos, tayo ay sumusuko sa materyalismo.
- ❖ Kung ang mga nasa ng mundong ito ay kukuha sa lahat ng ating atensyon, kung gayon tayo ay nagtatayo ng "tore" ng ating mga buhay sa maling pundasyon.

B Ating nasa.

- ❖ **Ang nasa ng laman [Ambisyon]. Lucas 12:15-21.**
  - — Ang Diyos ay nagbibigay sa atin ng mga materyal na pagpapala, kalakasan upang matamo ang mga ito at ang kakayanan na gamitin ito ng wasto.
  - — Gayon pa man, ang nasa ng pagkakaroon ng mga bagay ay maaaring maging mas mahalaga kesa sa pinaka mahalagang bagay: ang ating walang hanggang buhay (Lucas 12:15-21).
  - — Ang Diyos ay nagbibigay sa atin ng materyal na pagpapala na kaya nating pamahalaan, at sinasabi Niya sa atin: "Huwag maging mayabang sa oras na iyon at limutin ang Panginoong mong Diyos." (Deuteronomio 8:14 NLT).
- ❖ **Ang nasa ng mga mata [Kasakiman]. Mateo 6:22-24.**
  - — Ang mga patalastas ay nagpapakita ng mga larawan—sa maraming beses ay hindi makatotohanan—iyon ay humihimok sa atin na bumili ng mga bagay na maaaring hindi natin talaga kailangan.
  - — Ang kasakiman ay lumalago sa atin kapag nais nating magkaroon ng mga bagay na nakikita ng ating mata. "*You deserve it*", "pag-ukulan mo ang iyong sarili", "kung bibilhin ko ito, magkakaroon ako ng aking pinapangarap na lalaki/babae."
  - — Lahat ng bagay ay isang pantasiya. Kung hahayaan natin ang kasakiman sa ating mga puso, ito ay maaaring maging isang huwad na relihiyon. Ito ay hindi makapagpapalugod sa kaluluwa ngunit sa ating "makasalanang likas" (Galacia 5:16).
  - — Kaya naman tayo ay hinihimok ni Jesus na panatilihing dalisay ang ating mga mata.
- ❖ **Ang labis na kahambugan ng buhay na ito [*Narcissism*]. Roma 12:3.**
  - — Ano ang mga pagkakapareho ni Lucifer (Eze. 28:17; Isa. 14:14), Nabucodonosor (Dan. 4:30) at ang mga Fariseo (Lucas 18:11-12)? Sila ay mga *narcissistic*. Iyon ay, sila'y mayroong malaking opinyon sa kanilang sarili.
  - — Ang problemang ito ay karaniwan nang kaugnay sa pag-ibig sa salapi (1Tim. 6:10). Kung wala si Jesus, mayayamang tao—at silang nagnanais na maging gaya nila—ay maaaring maging arogante, mayabang, at makasarili (Marcos 10:25).

C Ating pagkakakilanlan. Mateo 6:24.

- ❖ Alin ang ating pagkakakilanlan? Tayo ba ay mga lingcod ng materyalismo o lingcod ng Diyos?
- ❖ Ang pagiging katiwala at materyalismo ay sumasakop sa lahat na lugar ng ating mga buhay. Ang ating pagkakakilanlan ay nakadepende sa kung ano ang ating pinili. Tayo ay maaaring maging katiwala o alipin ng mga bagay na bigay sa atin ng Diyos.
- ❖ Ang Diyos ay nagbibigay sa atin ng mga materyal na pagpapala upang magalak at palaguin ang ating karakter. Kung gagamitin natin ito upang parangalan ang Diyos at tulungan silang Kaniyang nilikha, tayo ay pinagpala. Kung tayo ay naging maibigin sa materyal na bagay, mawawala sa atin ang pagpapalang iyon.
- ❖ Sambahin natin ang ating Ama sa Langit habang ating tinatamasa ang mga materyal na bagay sa mundo, dahil ibinigay Niya ang mga ito sa atin.